Simpleng Tao

Gloc-9

Habang tumutunog ang gitara sa 'kin, makinig ka sana
Dumungaw ka sa bintana na parang isang harana
Sa awit na aking i-sinulat ko kagabi
'Wag sanang magmadali at 'wag kang mag-atubili dahil...

Kahit na wala akong pera
Kahit na butas aking bulsa
Kahit pa maong ko'y kupas na
At kahit na marami d'yang iba

Ganito man ako (maniwala ka sana sa akin)
Simpleng tao (na ikaw ang lagi kong dalangin)
Ang maipagyayabang ko lang sa 'yo (ay ang)

Pag-ibig ko sa 'yo na 'di magbabago
At kahit na anong bagyo, ika'y masusundo
Ganito lang ako (maniwala ka sana sa akin)
Simpleng tao (na ikaw ang lagi kong dalangin)
Na umaasa hanggang ngayon

Hindi mo namang kailangan ang sagutin
Ang aking hinihiling
Nais na maparating
Na 'di na muli pang dadaloy ang luha
Pupunasan nang kusa
'Di kailanagng manghula
Kahit pamasahe lang ang palagi kong dala
Upang makasama ka
Kapag nakikita ka
Lagi kang aalalayan kahit ano man ang 'yong
Mga ibinubulong
Malalim pa sa balon
Ito lamang ang...

Kay Spider-Man o kay Batman
Kay Superman o Wolverine
Kahit 'di maintindihan
Baka sakaling pansinin

Ganito lang ako (maniwala ka sana sa akin)
Simpleng tao (na ikaw ang lagi kong dalangin)
Ang maipagyayabang ko lang sa 'yo (ay ang)

(Pag-ibig) Ko sa 'yo, ito'y totoo
Wala nang iba, ikaw at ako
Lang ang nasa isip at panaginip
'Pag nakikita ka, sasabihin ko'y

Nawawala, ikaw na nga
Ang dahilan kung bakit nasulat ko ang tulang
Kahit kanino ay aking maipagyayabang
Minamahal kita subalit tanggapin mo sana kahit...

Ganito lang ako (maniwala ka sana sa akin)
Simpleng tao (na ikaw ang lagi kong dalangin)
Ang maipagyayabang ko lang sa 'yo (ay ang)

Pag-ibig ko sa 'yo na 'di magbabago
At kahit na anong bagyo, ika'y masusundo
Ganito lang ako (maniwala ka sana sa akin)
Simpleng tao (na ikaw ang lagi kong dalangin)
Ang maipagyayabang ko lang sa 'yo

Pag-ibig ko sa 'yo na 'di magbabago
At kahit na anong bagyo, ika'y masusundo
Ganito lang ako (maniwala ka sana sa akin)
Simpleng tao (na ikaw ang lagi kong dalangin)
Na umaasa hanggang ngayon sa pag-ibig mo

Sa pag-ibig mo
Sa pag-ibig mo
(Maniwala ka sana sa akin)
(Na ikaw ang lagi kong dalangin)
Sa pag-ibig mo
(Maniwala ka sana sa akin)
(Na ikaw ang lagi kong dalangin)
Sa pag-ibig mo
(Maniwala ka sana sa akin)
(Na ikaw ang lagi kong dalangin)
Sa pag-ibig mo
(Maniwala ka sana sa akin)
(Na ikaw ang lagi kong dalangin)

Sponzor: www.srovnavac.cz - vyberte si pojištění online!